# Babati ang maliit sa malaki,at ang naglalakad sa nakaupo, at ang kaunti sa marami.

Ayon kay Abe Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya-Hadith na Marfu: "Babati ang maliit sa malaki,at ang naglalakad sa nakaupo, at ang kaunti sa marami" at sa ibang salaysay : " At ang nakasasakay sa naglalakad"
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang Hadith ay nagtuturo sa pagkakasunod ng kinakatawan sa sinumang dapat mauna sa pagbati,nabanggit niya ang apat na uro,ito ay [ang sumusunod]: Una:Na ang maliit ay babati sa malaki,bilang paggalang sa kanya.Pangalawa: Ang naglalakad ay nararapat na kanya na magsimula sa pagbati sa naka-upo,dahil siya ay nasa kalagayan na dumarating sa kanya.Pangatlo : Ang maraming bilang ay siyang may karapatan sa maliit na bilang,Higit na mainam na bumati ang kaunti sa karamihan.Pang-apat: Na ang nakasasakay ay may magandang kalagayan dahil sa kainaman ng pagsakay,kaya`t ang pag-una niya sa pagbati ay kabilang sa pagpapasalamat niya sa Allah sa biyayang ipinagkaloob Nito sa kanya.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee